神奈川県

KANAGAWA

# Mga alituntunin sa pagtaguyod ng mga patakarang internasyonal ng Kanagawa

## Binuod na bersiyon

Ika-5 edisyon

Pagsasakatuparan ng isang mapayapa, multicultural na lipunan sa pamamagitan ng malawak na pagtutulungan at kooperasyon

Pagbuo ng isang pandaigdig na estratehiya kung saan ginagamit ang taglay na lakas ng Kanagawa

Prepektura ng Kanagawa

International Affairs Division, Culture, Sports and Tourism Bureau

1 Nihon-Odori, Naka-ku, Yokohama-shi  Postal Code: 231-8588

Tel: (045) 210-3748 (direktang linya)

Fax: (045) 212-2753

CLAIR
一般財団法人
自治体国際化協会

Ang pamphlet na ito ay nilikha mula sa suportang ipinagkaloob ng Council of Local Authorities for Intenational Relations.

# 1 Layunin ng mga alituntunin / Kahulugan ng mga pagbabago

Sa paglalim ng relasyon at ugnayan sa pagitan ng mga bansa, rehiyon at mga tao dahil sa bilis ng globalization at pagiging borderless ng mga lipunan at ekonomiya, itinatatag ng mga alituntuning ito ang kaisipan at direksiyong tinatahak patungo sa pagpapabuti sa patakarang internasyonal ng prepektura mula sa pananaw ng mga kinauukulan upang magawang mamuhay nang matiwasay ang mga residente ng prepektura kahit anumang nasyonalidad.

Mula sa pagtatag ng "Plano sa pagtaguyod ng mga patakarang internasyonal ng Kanagawa" noong Mayo 1991 (Heisei-3), isinagawa ng prepektura ang iba't-ibang mga patakaran at mga pagbabago nito para tugunan ang mga pagbabago sa estadong internasyonal upang maipatupad ang mga patakaran sa maayos na paraan.

Pitong taon ang nakalipas mula sa pagbabago ng kasalukuyang alituntunin at dumami na ang bilang ng mga dayuhang residenteng nakatira sa prepektura. Kung kaya kinakailangang gumalaw ang bansa para tugunan ito, tulad ng pagbigay-daan sa pagtanggap ng mga dayuhang manggagawa sa pamamagitan ng pagtatag ng specific skills system, pagtaguyod sa mga hakbang para sa multicultural coexistence base dito, pagtaguyod sa pag-aaral ng wikang Hapon, at iba pa.

Bukod pa rito, kinakailangan din ang patuloy na suporta para sa mga bagay o isyu na lumitaw mula sa naganap na COVID-19 pandemic.


Bilang pagtugon sa ganitong mga pagbabago sa estado, isasagawa ng prepektura ang mga pagbabago sa "Mga alituntunin sa pagtaguyod ng mga patakarang internasyonal ng Kanagawa" upang maisulong nang husto ang mga inisyatibo sa patakarang internasyonal ng prepektura.

# 2 Estado ng mga dayuhang residente sa prepektura

May 239,301 katao ang bilang ng mga dayuhang residente sa prepektura sa Enero 2023, na binubuo ng 176 bansa at rehiyon, na pinakamataas na bilang hanggang ngayon, at patuloy ang pagdami ng diversity o pagkakaiba. Base sa bansa o rehiyon, sakop ng China ang 29.4% ng kabuuan, kasunod ang Vietnam, South Korea, Philippines at Nepal.

Ang bilang ng mga dayuhang residente na may permanent residence, long-term residence status at iba pa, na naninirahan sa loob ng prepektura ay nasa 139,029 katao sa piskal na taong 2022, na humigit-kumulang sa 120% ng bilang sa piskal na taong 2012, na nasa 113,746 katao.

Larawan-1: Bilang ng mga dayuhan at bilang ng mga dayuhang may long-term residence sa loob ng prepektura




Estatistika ng mga dayuhan sa loob ng prepektura (prepektura ng Kanagawa) / Nilikha ng Prefectural International Affairs Division mula sa estatistika ng mga dayuhang residente sa Japan (Immigration Services Agency)


Paalala-1: Para sa bilang ng mga dayuhan, ito ang bilang ng mga nakarehistro sa ilalim ng Alien Registration Act hanggang sa piskal na taong 2011, at mula sa piskal na taong 2012 ay ang bilang ng mga dayuhang nakarehistro sa Basic Resident Register (ang datos o impormasyon hanggang sa piskal na taong 2012 ay kuha sa Disyembre 31, at ang datos mula sa piskal na taong 2013 ay kuha sa Enero 1)

Paalala-2: Ang bilang ng long-term residents ay ang kabuuang bilang ng mga dayuhang residente ayon sa status of residence (overall total) sa ilalim ng "Estatistika ng mga dayuhang residente (Immigration Services Agency)" kalakip ang mga Permanent Resident, Spouse or Child of Japanese National, Spouse or Child of a Permanent Resident, Long-Term Resident, at Special Permanent Resident.

# 3 Estado ng mga kabataang may kaugnayan sa ibang bansa*

Ang bilang ng mga batang dayuhan na nag-aaral sa Elementary School, Junior High School at High School sa loob ng prepektura ay dumami nang humigit-kumulang sa 180% mula 7,060 katao sa piskal na taong 2012 hanggang 12,725 katao sa piskal na taong 2023.

Larawan-2: Bilang ng mga batang dayuhan na nag-aaral sa Elementary School, Junior High School at High School sa loob ng prepektura





Nilikha ng Prefectural International Affairs Division mula sa Kanagawa Prefectural School Basic Survey

*Mga kabataang may kaugnayan sa ibang bansa: Tinutukoy nito hindi lamang ang mga kabataang may banyagang nasyonalidad kundi pati mga kabataang may iba't-ibang kinagisnan o background tulad ng pangkat etniko, kultura at iba pa, "mga kabataang may Japanese nationality pero hindi wikang Hapon ang katutubong wika", o "mga kabataang may pamilyang nag-uugat sa ibang bansa" at iba pa.

# 4 Estado ng mga dayuhang mag-aaral

Ang bilang ng mga dayuhang mag-aaral sa loob ng prepektura ay dumarami bawat taon mula sa piskal na taong 2013, kung saan umabot sa pinakamataas ng naitalang bilang na 13,855 katao sa piskal na taong 2019. Bagama't bumaba ang bilang mula sa piskal na taong 2020 sanhi ng paghihigpit sa pagpasok sa bansa kaugnay sa COVID-19, muling dumami ito sa piskal na taong 2023.

Larawan-3: Bilang ng mga dayuhang mag-aaral sa loob ng prepektura




Survey ng mga dayuhang mag-aaral sa unibersidad sa loob ng prepektura ng Kanagawa (Prepektura ng Kanagawa)

# Pangunahing layunin at direksiyon ng mga patakaran

## Hinahangad na makamit

- Pagsasakatuparan ng isang mapayapa, multicultural na lipunan sa pamamagitan ng malawak na pagtutulungan at kooperasyon
- Pagbuo ng isang pandaigdig na estratehiya kung saan ginagamit ang taglay na lakas ng Kanagawa

## Pangunahing layunin

1. Paglikha ng isang multicultural na komunidad
2. Internasyonal na pagpapalawak gamit ang taglay na lakas ng Kanagawa
3. Pagtaguyod sa global human resource, at iba pa
4. Pagpapalaganap sa kilusang non-nuclear at pagbatid sa kapayapaan
5. Pagsuporta sa internasyonal na gawain ng mga residente ng prepektura, at iba pa, at pagtaguyod sa pagtutulungan at kooperasyon

## Direksiyon ng mga patakaran

**1 Paglikha ng isang multicultural na komunidad**

(1) Paglikha ng isang paligid o lipunang nagbibigay-daan sa matiwasay na pamumuhay ng mga dayuhan sa prepektura at iba pa

(2) Pagpapabuti sa edukasyon ng wikang Hapon

(3) Pagsuporta sa mga kabataang may kaugnayan sa ibang bansa

(4) Pagsuporta sa mga dayuhang nag-aaral at naninirahan sa Kanagawa

(5) Pagsuporta sa mga dayuhang residente ng prepektura sa oras ng kalamidad, at iba pa

(6) Pagtaguyod sa pag-uunawaan sa pagitan ng iba't-ibang kultura

**2 Internasyonal na pagpapalawak gamit ang taglay na lakas ng Kanagawa**

(7) Suportahan ang mga kompanya sa loob ng prepektura upang mapalawak ito sa ibang bansa at akitin ang mga dayuhang kompanya

(8) Pagtaguyod at pamamahagi ng impormasyon ukol sa “Healthcare New Frontiers”

(9) Pagtaguyod sa mga gawaing nakatuon sa pag-akit sa dayuhang turista

(10) Pagtaguyod sa ”Magcul” o Magnet Culture

**3 Pagtaguyod sa global human resource, at iba pa**

(11) Pagtaguyod sa internasyonal na pag-uugnayan at kooperasyon sa pamamagitan ng paggamit sa mga katangian ng Kanagawa

(12) Paghubog sa human resources na maaaring gumanap ng aktibong papel sa internasyonal na komunidad

(13) Pagtaguyod sa aktibong partisipasyon ng dayuhang human resources

(14) Paglikha ng isang paligid o lipunan kung saan maaaring magtrabaho nang matiwasay ang dayuhang manggagawa

**4 Pagpapalaganap sa kilusang non-nuclear at pagbatid sa kapayapaan**

(15) Pagpapalaganap sa kilusang non-nuclear at pagbatid sa kapayapaan

**5 Pagsuporta sa internasyonal na gawain ng mga residente ng prepektura, at iba pa, at pagtaguyod sa pagtutulungan at kooperasyon**

(16) Pagbigay ng suporta, kooperasyon, at makipagtulungan sa gawain ng mga residente ng prepektura

(17) Pagsulong ng mga pankuala laban sa military bases

(18) Pagtaguyod sa pag-uunawa sa pagitan mga residente ng prepektura ukol sa “rachimondai” o abduction issue upang maiwasang makalimutan ito

# Direksiyon ng mga patakaran

# Pangunahing layunin 1 Paglikha ng isang multicultural na komunidad

## (1) Paglikha ng isang paligid o lipunang nagbibigay-daan sa matiwasay na pamumuhay ng mga dayuhan sa prepektura at iba pa

Sa paglikha ng isang paligid o lipunan na kung saan maaaring mamuhay nang matiwasay sa komunidad ang mga dayuhan residente sa prepektura, isasagawa ang pagpapabuti sa malawakang sistema ng konsultasyon, at pamamahagi ng impormasyon sa iba't-ibang wika at simpleng wikang Hapon para sa mga dayuhang residente, pati pagtaguyod sa iba't-ibang patakaran sa iba't-ibang larangan kaugnay sa araw-araw na pamumuhay, tulad ng pagpapadala ng mga tagapagsalin ng wika o interpreters sa mga medikal at pampublikong institusyon at suporta sa paghahanap ng tirahan.
Bukod pa rito, makikipagtulungan din sa mga dayuhang residente ng prepektura upang itaguyod ang partisipasyon ng mga ito sa pagbuo ng lokal na komunidad. Isasagawa din ang pagpapabuti sa mga batas at sistema kaugnay sa mga dayuhang residente at itataguyod ang mga patakaran ukol sa karapatang pantao pati ang pag-alis sa hate speech.

**Pagpaptupad sa mga patakaran:**

- Pagpapabuti sa sistema ng konsultasyon at pamamahagi ng impormasyon sa mga dayuhang residente at iba pa
- Pagpapabuti sa suporta sa kabuhayan ng mga dayuhang residente ng prepektura at iba pa
- Pagtaguyod sa medikal at welfare services para sa mga dayuhang residente ng prepektura at iba pa
- Pagtaguyod sa pagsasanay o training ng mga supporters upang bigyang lunas ang mga isyu o problemang hinaharap ng mga dayuhang residente ng prepektura at iba pa
- Pagtaguyod sa partisipasyon ng mga dayuhang residente ng prepektura at iba pa sa pangangasiwa ng prepektura
- Paggalang sa karapatang pantao ng mga dayuhang residente ng prepektura at iba pa
- Pagpapabuti sa mga batas at sistema kaugnay sa mga dayuhang residente ng prepektura

## (2) Pagpapabuti sa edukasyon ng wikang Hapon

Sa pagpapabuti sa lipunan na kung saan maaaring mamuhay at maging bahagi ng lokal na komunidad ang mga dayuhan sa prepektura at iba pa, ipagkakaloob ang suportang nababagay sa lokal na sitwasyon upang makuha ng mga dayuhang residente ang kinakailangang galing sa wikang Hapon sa bawat rehiyon ng prepektura, pati pagbigay ng suporta sa pag-aaral ng wikang Hapon at iba pa sa mga kabataang may kaugnayan sa ibang bansa at mga dayuhang manggagawa.

**Pagpaptupad sa mga patakaran:**

- Pagtatag ng sistema ng pag-aaral ng wikang Hapon sa rehiyon sa pakikipagtulungan sa mga munisipalidad, kaugnay na mga organisasyon at iba pa.
- Paghubog sa human resources at paglikha ng network para suportahan ang mga gawain kaugnay sa pag-aaral ng wikang Hapon sa komunidad
- Pagpapabuti sa pamamahagi ng impormasyon ukol sa pag-aaral ng wikang Hapon sa komunidad at pagtaguyod sa pagkakaroon ng access sa language learning para sa mga dayuhang residente ng prepektura at iba pa
- Pagtaguyod sa pag-aaral ng wikang Hapon para sa mga kabataang may kaugnayan sa ibang bansa
- Pagtaguyod sa pag-aaral ng wikang Hapon para sa mga dayuhang manggagawa, at iba pa



“Kurso sa wikang Hapon para sa mga baguhan”



“Kurso sa volunteer training sa pakikipagtulungan sa mga munisipalidad”

# Direksiyon ng mga patakaran

## Pangunahing layunin 1 Paglikha ng isang multicultural na komunidad

### (3) Pagsuporta sa mga kabataang may kaugnayan sa ibang bansa

Sa paglikha ng isang paligid o lipunan na kung saan maaaring lumaki at mag-aral nang matiwasay ang mga kabataang may kaugnayan sa ibang bansa, ipagkakaloob sa mga ito ang suporta sa tulong at kooperasyon ng mga munisipalidad at kaugnay na mga organisasyon, tulad ng pagpapalawak sa mga oportunidad sa edukasyon at pagbigay ng suporta sa iba't-ibang wika sa pagpapalaki ng bata.

**Pagpaptupad sa mga patakaran:**

- Pagpapalawak sa mga oportunidad sa edukasyon para sa mga kabataang may kaugnayan sa ibang bansa
- Pagpapabuti sa edukasyon ng mga kabataang may kaugnayan sa ibang bansa
- Pagtaguyod sa pagsasanay o training ng mga guro, supporters, at iba pa
- Pagtaguyod sa suporta sa pagpapalaki ng bata para sa mga dayuhang residente ng prepektura, at iba pa

### (4) Pagsuporta sa mga dayuhang nag-aaral at naninirahan sa Kanagawa

Bukod sa pangangasiwa sa operasyon ng Kanagawa International Fan Club KANAFAN STATION, pagbigay ng konsultasyon ukol sa kabuhayan at trabaho sa mga dayuhang mag-aaral na nakatira at nag-aaral sa Kanagawa pati paglaan ng isang pook para sa pakikipag-ugnayan, nakikipagtulungan din sa ibang mga institusyon ng edukasyon tulad ng mga unibersidad, vocational schools, at iba pa, pati mga NPO, kompanya at iba pa upang maipagkaloob ang suporta, tulong sa paghahanap ng trabaho sa loob ng prepektura, at bigyang-daan ang pagkakaroon ng koneksiyon sa pagitan ng mga dayuhang mag-aaral at lokal na komunidad.

**Pagpaptupad sa mga patakaran:**

- Pagpapalawak sa suporta para sa mga dayuhang mag-aaral na nakasentro sa Kanagawa International Fan Club KANAFAN STATION
- Pagsuporta sa mga dayuhang mag-aaral sa pakikipagtulungan sa mga institusyon ng edukasyon, NPO, kompanya, at iba pa
- Suporta sa paghahanap ng trabaho sa loob ng prepektura pagkatapos ng graduation o pagkumpleto ng pag-aaral




"Internasyonal na fan club exchange event ng Kanagawa"



"Sitwasyon sa KANAFAN STATION"

# Direksiyon ng mga patakaran

## Pangunahing layunin 1 Paglikha ng isang multicultural na komunidad

### (5) Pagsuporta sa mga dayuhang residente ng prepektura sa oras ng kalamidad, at iba pa

Makikipagtulungan sa mga munisipalidad at kaugnay na mga organisasyon upang ipagkaloob ang suporta sa mga dayuhang residente ng prepektura, tulad ng pamamahagi ng impormasyon sa iba't-ibang wika, at simpleng wikang Hapon na madaling maintindihan sa oras ng kalamidad, sa panahon ng paglaganap ng mga nakakahawang sakit, at iba pa.

**Pagpaptupad sa mga patakaran:**

- Pagtaguyod sa paggawa ng konsultasyon at pamamahagi ng impormasyon sa mga dayuhang residente ng perpektura, at iba pa sa panahon ng kalamidad, at iba pa
- Pagsasanay sa mga boluntaryong interpreters para sa panahon ng kalamidad

### (6) Pagtaguyod sa pag-uunawaan sa pagitan ng iba't-ibang kultura

Upang maitaguyod ang pag-uunawaan sa pagitan ng iba't-ibang kultura, ipinagkakaloob ang mga oportunidad para sa pag-aaral at impormasyon sa lokalidad, pati pagdaos ng mga events sa tema ng multicultural coexistence. Isasagawa din ang training sessions sa mga paaralan at iba pa upang mapalalim ang pag-uunawaan sa pagitan ng mga kultura, pati pagsasanay para sa mga supporters ng mga dayuhang residente ng prepektura, seminars, at iba pa para sa mga residente ng prepektura.

**Pagpaptupad sa mga patakaran:**

- Pagtaguyod sa pag-uunawaan sa iba't-ibang kultura sa komunidad
- Pagtaguyod sa pag-uunawaan sa iba't-ibang kultura sa pag-aaral sa paaralan
- Pagpapatupad at pagpapabuti sa mga kurso, pagsasanay at iba pa upang mapalalim ang pag-uunawaan sa pagitan ng iba't-ibang kultura



"Earth Festa Kanagawa"



"Video library ng Chikyu-shimin Kanagawa Plaza"

Direksiyon ng mga patakaran

Pangunahing layunin 2 Internasyonal na pagpapalawak gamit ang taglay na lakas ng Kanagawa

## (7) Suportahan ang mga kompanya sa loob ng prepektura upang mapalawak ito sa ibang bansa at akitin ang mga dayuhang kompanya

Upang maitaguyod ang pagpapalawak sa sales channels sa ibang bansa ng mga maliliit at medium-sized na kompanya na may advanced na teknolohiya, ipinagkakaloob ang suporta sa pamamagitan ng pagbahagi ng impormasyon ukol sa pagpapalawak ng kalakal sa ibang bansa, pagsagawa ng mga consultation sessions, at iba pa. Bukod pa rito, upang akitin ang mga dayuhang kompanya, ipinagkakaloob ang suporta para sa mga promotional acitivities sa ibang bansa at paglunsad ng overseas companies.

**Pagpaptupad sa mga patakaran:**

- Pagsuporta sa pagpapalawak sa ibang bansa ng mga maliliit at medium-sized na kompanya
- Pag-akit sa mga dayuhang kompanya sa pamamagitan ng paggawa ng promotional activities sa ibang bansa, at iba pa



“Seminar para sa pag-akit sa mga kompanya na ginanap sa Hanoi, Vietnam”



“Business consultation meeting na ginanap sa Dalian, China”

## (8) Pagtaguyod at pamamahagi ng impormasyon ukol sa “Healthcare New Frontiers”

Sa pakikipagtulungan sa mga pangunahing rehiyon sa ibang bansa sa industriya ng life sciences pati ang WHO at iba pa, pagsisikapang ipalaganap ang konsepto ng ME-BYO at “Vibrant INOCHI” at pagtaguyod ng internasyonal na pagpapalawak sa industriya kaugnay sa makabagong pangangalagang medikal at pagpigil sa pre-symptomatic diseases.

**Pagpaptupad sa mga patakaran:**

- Pagtaguyod sa internasyonal na pagpapalawak sa industriya kaugnay sa makabagong pangangalagang medikal, pagpigil sa pre-symptomatic diseases, at iba pa
- Pagpapalawak sa mga patakaran o hakbang kaugnay sa mga inisyatibo sa pakikipagtulungan sa World Health Organization (WHO)
- Paghubog sa susunod na henerasyon ng mga health innovators sa Health Innovation Graduate School ng University of Human Services

# Direksiyon ng mga patakaran

# Pangunahing layunin 2 Internasyonal na pagpapalawak gamit ang taglay na lakas ng Kanagawa


## (9) Pagtaguyod sa mga gawaing nakatuon sa pag-akit sa dayuhang turista

Pagsisikapang tuklasin at salain ang impormasyon kaugnay sa tourism resources gamit ang tourism data mula sa mga dayuhang turista, pamamahagi ng impormasyon ukol sa turismo sa pamamagitan ng websites at iba pang paraan, at pagtaguyod sa rehiyon sa tulong ng mga tourism representatives* at iba pa sa ibang bansa. Bukod pa rito, isasagawa din ang pagpapabuti sa lagay ng pagtanggap sa mga dayuhang turista, pagpapabuti sa kapaligiran sa mga pasilidad kaugnay sa turismo upang mas masiyahan ang mga dayuhang turista.

*Tourism representatives: Ito ang mga organisasyon na nagsasagawa ng sales promotion para sa mga lokal na pamahalaan at kalakal na nakatuon ang pansin sa lokal na media at lokal na travel agencies at layunin nito ang paggawa ng mga gawain kaugnay sa pagbebenta sa papamagitan ng promosyon at pamamahagi ng impormasyon upang hikayatin ang mga dayuhang turista.

**Pagpaptupad sa mga patakaran:**

- Paggamit ng impormasyon sa turismo tulad ng mga surveys at iba pa kaugnay sa pangangailangan ng mga dayuhang turista
- Pagtuklas at pagsala sa impormasyon kaugnay sa tourism resources at pamamahagi ng impormasyon ukol sa turismo sa pamamagitan ng website na naglalaman ng impormasyon ukol sa turismo sa wikang banyaga, at iba pa.
- Pagsagawa ng promosyon para akitin ang mga dayuhang turista
- Paghubog sa human resources sa turismo at pagpapabuti sa lagay ng pagtanggap ng mga dayuhang turista



“Promosyon na nakatuon sa travel agencies sa ibang bansa”



“MICE Online business meeting sa Taiwan”

*MICE: Ito ay isang acronym para sa pagpupulong ng mga kompanya at iba pa (Meeting), insentibo sa paglalakbay ng mga kompanya, at iba pa (Incentive Travel), internasyonal na komperensiya na idinadaos ng mga organisasyong internasyonal, mga grupo, academic societies, at iba pa (Convention), mga eksibisyon, trade shows, events (Exhibition/Event). Ito ay isang pangkalahatang termino para sa mga business events at iba pa na inaasahang makakaakit sa maraming bisita at pag-uugnayan.

## (10) Pagtaguyod sa ”Magcul” o Magnet Culture

Patuloy na itataguyod ang inisyatibong Magnet Culture (pinaikli sa “Magcul”), na nakakaakit sa ganda ng sining at kultura at nagbibigay ng sigla sa lokal na komunidad, pati pagpapalaganap sa taglay na halina ng kultura ng Kanagawa sa buong mundo.

**Pagpaptupad sa mga patakaran:**

- Pamamahagi sa kaakit-akit na contents tungkol sa Kanagawa sa iba’t-ibang wika

# Direksiyon ng mga patakaran

# Pangunahing layunin 3 Pagtaguyod sa global human resource, at iba pa

## (11) Pagtaguyod sa internasyonal na pag-uugnayan at kooperasyon sa pamamagitan ng paggamit sa mga katangian ng Kanagawa

Itataguyod ang pag-uugnayang nakatuon sa magiliw na mga partners, tulad ng sports, at mga proyekto kaugnay sa pag-uugnayang kultural sa mga kabataan mula sa prepektura, Liaoning province sa China, at Gyeonggi Province sa South Korea, pati pakikipagtulungan sa mga internasyonal na organisasyon. Pabubutihin din ang paghubog sa human resources sa pamamagitan ng pagtanggap at pagsasanay sa mid-career personnel, mga pinuno, at trainees upang magkaroon ng husay o kasanayan para makatulong sa pag-unlad ng mga papaunlad na mga rehiyon.

**[Desenvolvimento das políticas]**

- Pagpapahusay sa “Kanagawa International Fan Club”, na nakatuon sa paglikha ng network para sa mga dayuhan, sa loob at labas ng bansa, na pamilyar sa Kanagawa, tulad ng mga dayuhang mag-aaral, at iba pa
- Suporta para sa dayuhang mag-aaral sa pakikipagtulungan sa mga institusyon ng edukasyon, NPO, kompanya, at iba pa (repost)
- Pagtaguyod sa internasyonal na pag-uugnayan sa magiliw na mga partners
- Pagtaguyod sa internasyonal na pag-uugnayan bilang legacy o pamana ng Tokyo 2020 Olympic-Paralympic Games
- Pagtaguyod sa internasyonal na pag-uugnayan sa pamamagitan ng pag-akit at pagdaos sa internasyonal na komperensiya
- Paghubog sa human resource at pagpapadala ng mga tagapagturo, at iba pa sa iba’t-ibang larangan
- Pakikipagtulungan sa internasyonal na organisasyon sa larangan ng global environment



“Pagbisita sa Liaoning Province sa China”



“Pagbisita sa Maryland sa Estados Unidos”

## (12) Paghubog sa human resources na maaaring gumanap ng aktibong papel sa internasyonal na komunidad

Sa pamamagitan ng edukasyon na tumutugon sa internasyonalisasyon at sa mga inisyatibo sa mga paaralang kinikilala ng International Baccalaureate, layuning hubugin ang mga indibidwal na may internasyonal na pag-iisip na maaaring gumanap ng aktibong papel sa internasyonal na komunidad. Bukod pa rito, ipagkakaloob din ang suporta at iba pa sa mga aktibidad kaugnay sa internasyonal na pag-uugnayan.

**[Desenvolvimento das políticas]**

- Pagtaguyod sa edukasyon bilang pagtugon sa internasyonalisasyon
- Pagpapalaganap sa mga inisyatibo sa mga paaralang kinikilala ng International Baccalaureate
- Pagsuporta sa internasyonal na pag-uunawaan at mga aktibidad para sa karanasan ng mga kabataan
- Pagpapatupad at pagpapahusay sa mga pagsasanay at iba pa sa wikang banyaga
- Pagtaguyod sa Global Citizen* Learning

*Global Citizen: Ito ang mga tao, bilang bahagi ng daigdig, na nag-iisip ng solusyon sa mga isyung pandaigdig, tulad ng kapayapaan, kapaligiran, karapatang pantao, at kahirapan sa araw-araw na pamumuhay at kusang ginagawa ang makakaya mula sa abot kayang lugar.

## Direksiyon ng mga patakaran

## Pangunahing layunin 3 Pagtaguyod sa global human resource, at iba pa

### (13) Pagtaguyod sa aktibong partisipasyon ng dayuhang human resources

Upang matulungan ang mga dayuhang mag-aaral sa paghahanap ng trabaho at maitatag ang sarili sa prepektura pati pagpasok sa mga dayuhan sa mga kompanya sa loob ng prepektura, isasagawa ang sabay na information sessions ng kompanya at kurso sa pagsuporta sa trabaho, pati ang pagpapabuti sa sistema ng suporta upang tulungan ang mga kandidatong dayuhang nurses at care workers sa pagkuha ng kuwalipikasyon.

**Pagpaptupad sa mga patakaran:**

- Suporta sa mga dayuhang mag-aaral at iba pa sa paghahanap ng trabaho sa mga kompanya sa loob ng prepektura
- Pagtaguyod sa suporta para sa mga kandidatong dayuhang nurses at care workers sa pagkuha ng kuwalipikasyon
- Pagtanggap ng mga dayuhang mag-aaral at iba pa sa mga care facilities
- Pagtanggap ng mga dayuhang mag-aaral sa Kanagawa Prefectural Junior College For Industrial Technology

### (14) Paglikha ng isang paligid o lipunan kung saan maaaring magtrabaho nang matiwasay ang dayuhang manggagawa

Para sa matiwasay na pagtrabaho ng mga dayuhang manggagawa, ipagkakaloob ang malawakang serbisyo ng konsultasyon ukol sa trabaho at suporta sa iba't-ibang wika, pati pagbatid at suporta para sa makatarungang palakad sa trabaho ng mga kompanya at iba pa na may mga dayuhang manggagawa.

**Pagpaptupad sa mga patakaran:**

- Pagpapabuti sa serbisyo ng konsultasyon ukol sa trabaho at suporta sa iba't-ibang wika
- Pagbigay pansin sa pagbatid at suporta, para sa mga kompanya at iba pa

## Direksiyon ng mga patakaran


## Pangunahing layunin 4 Pagpapalaganap sa kilusang non-nuclear at pagbatid sa kapayapaan

### (15) Pagpapalaganap sa kilusang non-nuclear at pagbatid sa kapayapaan

Upang bigyang-daan ang isang matiwasay na paligid, sisiguruhing ipasa sa susunod na henerasyon ang kahalagahan ng kapayapaan at trahedya ng digmaan, pati pagpapalawak ng pagbatid sa layunin ng "Kanagawa Prefectural Declaration Agaist Nuclear Weapons" at makipagtulungan sa ibang lokal na pamahalaan sa loob ng prepektura na gumawa din ng ganitong deklarasyon.

**Pagpaptupad sa mga patakaran:**

- Pagpapalaganap sa kilusang nuclear-free at pagbatid sa kapayapaan




"Kanagawa Prefectural Declaration Agaist Nuclear Weapons"




"Kanagawa Plaza for Global Citizenship International Peace Exhibition Room"

# Direksiyon ng mga patakaran

# Pangunahing layunin 5 Pagsuporta sa internasyonal na gawain ng mga residente ng prepektura, at iba pa, at pagtaguyod sa pagtutulungan at kooperasyon

## (16) Pagbigay ng suporta, kooperasyon, at makipagtulungan sa gawain ng mga residente ng prepektura

Susuportahan at itataguyod ang internasyonal na mga gawain ng mga residente ng prepektura at itataguyod ang pakikipagtulungan at kooperasyon sa pagitan ng prepektura at Kanagawa International Foundation, NGO, NPO, mga munisipalidad, kompanya at kaugnay na mga organisasyon upang siguruhin ang epektibong pagpapatupad sa mga nabanggit na aktibidad.

**Pagpaptupad sa mga patakaran:**

- Pagsuporta at pagtaguyod sa internasyonal na mga gawain ng mga residente sa prepektura
- Pakikipagtulungan sa Kanagawa International Foundation
- Pagtaguyod sa internasyonal na mga hakbang o patakaran sa pamamagitan ng pagtutulungan at kooperasyon

## (17) Pagsulong ng mga pankuala laban sa military bases

Makikipagtulungan ang prepektura sa kaugnay na mga lokal na pamahalaan upang itaguyod ang pagsasaayos, pagbabawas, at pagbabalik ng U.S. military bases na nasa loob ng prepektura.
Upang siguruhin ang kaligtasan, katiwasayan at maayos na paninirahan ng mga residenteng nakatira malapit sa military bases, makikipagtulungan din ang prepektura sa kaugnay na mga lokal na pamahalaan sa pag-udyok sa pambansang pamahalaan at iba pang mga organisasyon para sa mga hakbang na gagawin sa mga lugar na nakapalibot sa military bases.

**Pagpaptupad sa mga patakaran:**

- Pagtaguyod sa pagsasaayos, pagbabawas, at pagbabalik ng military bases
- Pagsiguro sa kaligtasan, katiwasayan at maayos na paninirahan ng mga residenteng nakatira malapit samilitary bases
- Pagtaguyod sa pakikipagtulungan at kooperasyon sa military bases

## (18) Pagtaguyod sa pag-uunawa sa pagitan mga residente ng prepektura ukol sa “rachimondai” o abduction issue upang maiwasang makalimutan ito

Sang-ayon sa “Batas na tumutugon sa isyu ng abduction o pagdukot at iba pang paglabag sa karapatang pantao na ginawa ng mga awtoridad sa North Korea” (Batas bilang 96 ng taong 2006), makikipagtulungan sa pambansang pamahalaan, mga munisipalidad, support groups, at iba pa, upang maiwasang limutin ang isyu ng pagdukot, at itaguyod ang pag-uunawaan sa pagitan ng mga residente ng prepektura.

**Pagpaptupad sa mga patakaran:**

- Pagtaguyod sa pag-uunawa sa isyu ng abduction o pagdukot, pati mga nawawalang tao
- Pakikipagtulungan sa mga munisipalidad, support groups, at iba pa upang maiwasang limutin ang isyu ng pagdukot
- Pagtaguyod sa edukasyon upang mapalalim ang pag-unawa at interes sa isyu ng pagdukot
- Pagsisikapang magkaroon ng resolusyon o paglutas sa isyu ng pagdukot